PRAYER

- Manalangin na ang bawat isa sa inyong grupo ay maging mas sensitibo sa pagdinig at pagsunod sa tawag ng Diyos sa inyong buhay.

- Ipagdasal na magkaroon ang bawat isa sa inyo ng pagkakataong makapagsilbi sa Diyos at sa simbahan sa pamamagitan ng inyong mga talento at kakayahan.

- Hilingin na bigyang kalakasan ang bawat isa sa inyo sa pagharap ng mga kanya-kanyang hamon sa buhay. Ipagdasal ang bawat isa hanggang sa makatanggap kayo ng kasagutan sa inyong mga sitwasyon.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Every Nation Leadership Institute
Inilathala ng EVERY NATION PRODUCTIONS
P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City, Philippines

FILIPINO

DOUBLE CALLS

Paglilingkod

Week 2

NOTES

CONNECT

- Kailan ka huling nakatanggap ng isang sorpresa? Ibahagi ang iyong karanasan.
- Ano na ang pinakamahirap na bagay na iyong nagawa? Ano ang natutunan mo dito?
- Ikwento ang pagkakataong humarap ka sa isang matinding hamon na iyo namang nalampasan. Ano ang nakatulong sa iyo na harapin ang pagsubok na iyon?

WORD

WHAT

What does the Bible say?

Nang lalapit na si Moises, tinawag siya ni Yahweh buhat sa nagliliyab na punongkahoy, "Moises, Moises." "Ano po iyon?" sagot niya.

Exodo 3:4

Kakaiba ang pagtawag na ginawa ng Diyos kay Moises—nakipag-usap Siya sa kanya sa pamamagitan ng isang nagliliyab na punongkahoy. Pagkatapos ay tinawag ng Diyos ng dalawang beses ang pangalan ni Moises, tanda lamang na mahalaga ang Kanyang utos kay Moises na pagsilbihan Siya at ang Kanyang bayan. Heto ang tatlong palatandaan sa kung gaano kahalaga ang pagtawag ng Diyos kay Moises.

- **Ang Diyos ang tumawag at nagpadala kay Moises.**
  [9]"Naririnig ko nga ang daing ng aking bayan at alam ko ang pang-aaping ginagawa sa kanila ng mga Egipcio. [10]Kaya, papupuntahin kita sa Faraon upang ilabas mo sa Egipto ang aking bayan."

  Exodo 3:9,10

  Dahil nakita Niya ang paghihirap ng Kanyang bayan, tinawag ng Diyos si Moises na ilabas mula sa pagkakaalipin ang mga Israelita sa Egipto. Subalit hindi lamang hinayaan ng Diyos si Moises na mag-isa—sinugo siyang kasama ang katiyakang dala ng Kanyang Pangalan (Exodo 3:14). Kung ang Diyos na nagmamay-ari ng lahat ng awtoridad ang mismong nagpadala sa iyo, gaano tatatag ang kalooban mo?

  _____

  _____

- **Binigyan ng kakayahan ng Diyos si Moises.**
  [11]Sumagot si Moises, "Sino po akong haharap sa Faraon at maglalabas ng bayang Israel mula sa Egipto?" [12]"Huwag kang mag-alala, hindi kita pababayaan. At ito ang magiging katibayan na ako ang nagsugo sa iyo: sa bundok ding ito sasambahin ninyo ako kapag nailabas mo na sa Egipto ang aking bayan," sabi ni Yahweh.

  Exodo 4:11,12

  May mga natural na kakayahan si Moises ngunit pinanghinaan siya ng loob na magagawa nga niya ang iniutos sa kanya ng Diyos. Hindi naman siya pinabayaan ng Diyos. Tinuruan siya kung ano ang dapat niyang sabihin. Naranasan mo na bang mabigyan ng Diyos ng kakayanan upang gawin ang isang bagay na hindi kakayanin ng iyong natural na abilidad lamang? Ikwento ang iyong karanasan.

  _____

  _____

- **Pinalakas at binigyan ng kapangyarihan ng Diyos si Moises.**
  "Dalhin mo ang iyong tungkod pagkat iyan ang gagamitin mo sa paggawa ng kababalaghan."

  Exodo 4:17

  Malaki ang gawaing iniutos kay Moises ngunit hindi lamang siya sinamahan ng Diyos at binigyan ng mensaheng sasabihin. Binigyan din siya ng Diyos ng kapangyarihang gumawa ng mga kababalaghan. Sa mga sumunod na kapitolo ng Exodo ay makikita ang maraming kababalaghang ginawa ni Moises sa pagpapalaya ng mga Israelita. Tulad nito, makakaasa tayo sa Diyos na bibigyan Niya tayo ng kapangyarihang malampasan ang mga kahirapang ating kinakaharap.

  _____

  _____

SO WHAT ***What is the relevance of the Word to my life?***

- Kapag tinatawag ka ng Diyos na gawin ang isang bagay, madalas ba'y umaasa ka sa iyong sariling kakayanan at karanasan o nagtitiwala ka sa Diyos at sa layunin ng Kanyang utos?
- Ano-anung mga dahilan ang sa palagay mo'y humahadlang sayo sa pagsunod sa tawag ng Diyos sa iyong buhay?
- Gaano kalakas ang iyong pagtitiwalang gagamitin ka ng Diyos? Sa tingin mo, sa anong paraan ka gagamitin ng Diyos?

NOW WHAT ***How do I apply the Word to my life?***

- Ano ang pupwede mong gawin sa mga susunod na araw upang matulungan kang makinig pang lalo sa Diyos? Anu-anong mga praktikal na hakbang ang iyong magagawa upang lalo pang sumunod sa Kanya?
- Anong abilidad, talento, o kakayahan ang mayroon ka na pupwede mong ialay upang pagsilbihan ang Diyos? Ano ang pupwede mong gawin upang masimulan mong pagsilbihan ang Diyos sa pamamagitan ng iyong kakayahan?
- Anong bahagi ng aral na ito ang hindi mo makakalimutan? Kanino mo pupwedeng ibahagi ang iyong natutunan ngayong linggo?